**Kabataang Mapaglingkod na Tagapamuno**

## IV. PAGPAPAUNLAD NG MGA KATANGIAN AT ABILIDAD NG ISANG MABUTING LEADER

Ang mga leader ay hindi likas na ipinanganganak. Sila ay tinuturuan, sinasanay at kinakasangkapanan. Ang katangian ng mabuting pamumuno ay hindi namamana kundi maaaring kaloob o di kaya naman ay napag-aralan. Kung ito ay kaloob, ito ay ayon sa biyaya ng Diyos. Kung ito naman ay nakasanayan, ito ay bunga ng pagsusumikap, determinasyon, katiyagaan, pagpupursigi at pagpapasensya. Kalooban ng Diyos na mahubog sa bawat mananampalataya ang mga ganitong katangian para sa epektibong pamumuno.

Nais mo bang umunlad sa mga katangian ng isang makadiyos na leader?

TIME OUT

Likas ba na ipinapanganak ang isang leader?

______________________________________________________________________

Saan nagmumula ang mga katangian ng mabuting tagapamuno?

______________________________________________________________________

**PAG-ARALAN at PAG-USAPAN:**

Basahin ang maikling kwentong ito.




**1 Hari 3:1-15**

Naging kakampi ni Solomon ang Faraon, hari ng Egipto, nang kanyang pakasalan ang anak nito. Itinira niya ang prinsesa sa lunsod ni David habang hindi pa tapos ang kanyang palasyo, ang bahay ni Yahweh at ang pader ng Jerusalem. Ngunit ang mga taong-bayan ay patuloy pang nag-aalay ng kanilang mga handog sa Diyos sa mga sagradong burol, sapagkat wala pa noong naitatayong bahay sambahan para kay Yahweh. Mahal ni Solomon si Yahweh, at sinusunod niya ang mga tagubilin ng kanyang amang si David. Subalit nag-aalay din siya ng handog at nagsusunog ng insenso sa mga altar sa burol.

Minsan, pumunta si Solomon sa Gibeon upang maghandog, sapagkat iyon ang pinakatanyag na sagradong burol. Nakapag-alay na siya roon ng daan-daang handog na sinusunog. Kinagabihan, samantalang siya'y naroon pa sa Gibeon, nagpakita sa kanya si Yahweh sa isang panaginip at tinanong siya, “Ano ang gusto mong ibigay ko sa iyo? Sabihin mo!” wika sa kanya.

Sumagot si Solomon, “Kinahahabagan ninyo at tunay na minahal ang aking amang si David dahil naging tapat at matuwid siya sa inyo at naging malinis ang kanyang puso.

At ipinagpatuloy ninyo ang inyong tapat na pagmamahal sa kanya nang bigyan ninyo siya ng isang anak na ngayo'y nakaupo sa kanyang trono.  Yahweh, aking Diyos, ginawa mo akong hari bilang kahalili ng aking amang si David, kahit ako'y bata pa't walang karanasan.  Ngayo'y nasa kalagitnaan ako ng iyong bayang pinili, bayang hindi na mabilang sa dami.  Bigyan po ninyo ako ng karunungang kailangan ko sa pamamahala at kakayahang kumilala ng mabuti sa masama. Sapagkat sino po ba ang may kakayahang maghari sa napakalaking bayang ito?”

Dahil ito ang hiniling ni Solomon, nalugod sa kanya si Yahweh at sinabi sa kanya, “Dahil hindi ka humiling para sa iyong sarili ng mahabang buhay, o kayamanan, o kamatayan ng iyong mga kaaway, kundi ang hiniling mo'y karunungang kumilala ng mabuti sa masama,  ibibigay ko sa iyo ang hiniling mo. Bibigyan kita ng karunungan na walang kapantay, maging sa mga nauna o sa mga susunod pa sa iyo.  Ibibigay ko rin sa iyo ang mga bagay na hindi mo hiningi: kayamanan at karangalang hindi mapapantayan ng sinumang hari sa buong buhay mo.  At kung mamumuhay ka ayon sa aking kalooban, kung susundin mo ang aking mga batas at mga utos, tulad ng ginawa ng iyong amang si David, pagkakalooban pa kita ng mahabang buhay.”

Nagising si Solomon at noon niya nalaman na siya'y kinausap ni Yahweh sa panaginip. Pagbalik niya sa Jerusalem, pumunta siya sa harap ng Kaban ng Tipan ni Yahweh, at nag-alay ng mga handog na susunugin at mga handog para sa kapayapaan. Naghanda rin siya ng isang salu-salo para sa kanyang mga tauhan.

Anong mga taglay na katangian ni Solomon ang iyong nakita mula sa nabasang kwento?

Anong katangian ang ninais ni Haring Solomon na umunlad sa kanya?

Anong paraan ang ginawa ni Haring Solomon upang mapaunlad ang katangiang binanggit sa naunang tanong?

Ang unang paraan upang mapaunlad ang mga katangian at abilidad mo bilang isang leader ay sa pamamagitan ng paghingi sa Diyos.

Si Solomon ay naging hari sa batang edad pagkamatay ng kanyang amang si David. Nang mga panahong iyon alam niya na ang pamumuno sa napakalaking bayan ay hindi simpleng bagay. Kinilala niya sa harapan ng Diyos ang kanyang kakulangan at inamin ang kanyang nararamdamang kawalan ng kakayahan. Pagkatapos ay humingi siya ng pusong may pang-unawa at pagwawari upang mapamunuan niya ang bayan ng Diyos nang may katarungan. At higit pa kaysa kanyang hiningi ang kanyang tinanggap.

Mababasa sa banal na kasulatan ang mga talatang ito: *Ngunit kung nagkukulang ng karunungan ang sino man sa inyo, humingi siya sa Diyos na nagbibigay ng sagana sa lahat at hindi nagkukulang o nanunumbat, at ito ay ibibigay sa kanya* (James 1:5). *At ito ang nasa ating pagtitiwala sa Kanya, na kung tayo ay humingi ng ano mang bagay na ayon sa Kanyang kalooban ay dinidinig Niya tayo (1 John 5:14). Magsihingi kayo, at kayo ay bibigyan* (Matthew 7:7a).

Sa tuwing ikaw ay nagdadasal at humihiling sa Diyos, hinihiling mo rin ba ang pagkakaroon ng pang-unawa at karunungan na mapagwari ang mga bagay na nangyayari sa iyong buhay o mga bagay na dapat mong pagdesisyunan?

Kung ang sagot mo ay oo, ano na ang iyong ginagawa matapos hilingin ito sa Diyos? Kung ang sagot mo ay hindi, ano ang dahilan at hindi ito kasama sa iyong mga kahilingan?

Ang ikalawang paraan ay ang pag-unlad sa pamamagitan ng pag-aaral ng Banal na Kasulatan.

Tulad ng iba't-ibang halimbawa ng leaders na nabasa mo sa Banal na Kasulatan nooong mga nakaraang lesson, lahat sila ay naging mahusay na tagapanguna sapagkat sila ay nakinig at sumunod sa salita at tagubilin ng Diyos. Sa panahon ngayon patuloy pa rin na pinapahayag ng Diyos ang Kanyang mga tagubilin sa pamamagitan ng Banal na Kasulatan.

Ang banal na kasulatan ay nagpapaalala at nagtuturo sa atin: *Yamang ipinanganak kayong muli, hindi sa binhing nabubulok, kundi sa walang kabulukan, sa pamamagitan ng salita ng Diyos na buhay at namamalagi* (1 Peter 1:23). *At mula sa pagkabata ay nalaman na ninyo ang mga banal na kasulatan na makapag-papadunong sa ikaliligtas sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo Jesus* (2 Timothy 3:15). *Tulad ng mga bagong silang, panabikan ninyo ang dalisay na gatas na espirituwal upang sa pamamagitan nito'y magsilago kayo sa inyong kaligtasan* (1 Peter 2:2).

Sa paanong paraan mapapaunlad ang mga katangian at abilidad mo bilang isang tagapamuno, kung magbabasa at mag-aaral ka ng salita ng Diyos?

Ang panghuling paraan sa pagpapaunlad ng mga katangian at abilidad ay ang pagsasabahagi at pagsasabuhay ng Banal na Kasulatan.

Ang leader na nagtuturo at nagtre-train sa kanyang mga tagasunod ay nagbabahagi ng mga prinsipyo ng pangunguna na nagmumula sa salita ng Diyos. Hindi ibig sabihin nito na ang lumalabas lamang sa kanyang bibig ay mga verses na galing sa Bible kundi ang mga prinsipyo na tinuturo nito kung paano namumuhay ang isang tao (ang uri ng pag-iisip, pagsasalita at pagkilos). Tinuturo ng leader ang paraan ng paglilingkod na tinuro ni Cristo. Bukod sa salita, ito rin ay nakikita sa kanyang mga gawa.

Tulad ng napag-aralan mula sa buhay ni Joshua bilang isang leader, patuloy niyang pinaalalahanan ang bayan ng Diyos na sumunod sa Kanyang mga tagubilin. Bukod sa kanyang pagtuturo at pagpapaalala, nakita rin nila sa kanyang buhay ang katapatan niya sa pagsasabuhay nito.

Ang banal na kasulatan ay nagtuturo sa atin: *Mamuhay kayo ayon sa salita ng Diyos. Kung ito'y pinakikinggan lamang ninyo at hindi isinasagawa, dinadaya ninyo ang inyong sarili* (James 1:22).

Sa scale from 1 to 10 (10 ang pinakamataas), gaano kalakas o kahina ang mga prinsipyo sa buhay na mula sa mga sumusunod na sources ang naririnig at nakikita sa iyo?

| Sarili | Mundo | Diyos |
|---|---|---|
| | | |

Lahat ng tao ay may pinangungunahang tao. Maaring ikaw ang panganay sa inyong magkakapatid o magpipinsan, isang group sa school, class or student body president, ikaw ay isang leader. Ang pagiging leader ay hindi biro, maraming responsibilidad ang napapaloob dito. Kinakailangan na bigyang pansin mo ang pagpapaunlad ng mga katangian at mga abilidad na napag-aralan upang maisakatapuran mo ang uri ng pangunguna na tinuturo ni Jesu Cristo. Ang pangununa kalakip ang mga katangian at abilidad na natutunan at ang uri ng iyong paglilingkod ay magiging paraan din upang makilala ng ibang tao ang Panginoong Jesus dahil sa katayuan mo.

Ang isang mabuting pinuno ay naghahanap sa Panginoon, naglalaan ng kanyang paraan sa Panginoon at ang Panginoon ang nagtatatag ng mga susunod na hakbang.

**PAGBULAY-BULAYAN:**

1. Sa araling ito, ipinapakita ang kahalagahan na isakatuparan ang mga paraan kung paano mo mapapaunlad ang mga katangian at abilidad ng isang mabuting leader. Kung ire-rate mo ang kahalagahang ito para sa iyong buhay (10 ang pinakamataas), anong rating ang ibibigay mo dito? ____________________

2. Dahil nakita mo ang kahalagahan ng paghiling (through prayer) at pagalam ng mga tagubilin ng Diyos (through reading the Bible) upang umunlad, maibahagi at maisabuhay ang mga katangian at abilidad ng isang mabuting leader, paano mo gagawing lifestyle ang mga gawaing ito? Gumawa ng weekly plan kung ano, paano at kailan mo isasagawa ito.

| MONDAY | TUESDAY | WEDNESDAY | THURSDAY | FRIDAY | SATURDAY | SUNDAY |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | |

| | |
|---|---|
| Natutunan ko | ang kahalagahan ng pagpapaunlad ng mga katangian at abilidad ng isang mabuting leader, kaya't ang aking gagawin ay: |

**Verse of the Day:**

Mamuhay kayo ayon sa salita ng Diyos. Kung ito'y pinapakinggan lamang ninyo ngunit hindi isinasagawa, dinadaya ninyo ang inyong sarili. Sapagkat ang nakikinig ng salita ngunit hindi sumusunod dito ay katulad ng isang taong tumitingin sa salamin, at pagkatapos makita ang sarili ay umaalis at kinakalimutan ang kanyang anyo. Ang taong nagsasaliksik at nagpapatuloy sa pagsunod sa Kautusang ganap na nagpapalaya sa tao ang pagpapalain ng Diyos sa lahat ng kanyang gawain. Siya ang taong gumagawa at hindi siya katulad ng nakikinig lamang at pagkatapos ay nakakalimot. **Santiago 1:22-25**